County ng Santa Clara
Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante
PAUNAWA SA PANGKALAHATANG HALALAN
NOBYEMBRE 5, 2024

IPINAGBIBIGAY-ALAM SA PAMAMAGITAN NITO na sa Nobyembre 5, 2024, magsasagawa ng isang Halalan ng Namamahalang Lupon sa County ng Santa Clara, partikular na kasama ang (mga) distritong pinangalanan sa ibaba at ang (mga) katungkulan kung saan maaaring imungkahi ang mga kandidato.

Gayundin, alinsunod sa seksyon 5342 ng Kodigo ng Edukasyon at seksyon 10400 ng Kodigo sa mga Halalan, ang nasabing Halalan ay maaaring ganap o bahagyang pagsasama-samahin.

Ihahalal:

Mga Termino ng Katungkulan: Buong Termino: 4 na taon; Maikling-Termino: 2 taon

MGA KATUNGKULAN SA DISTRITO NG PAARALAN NG COUNTY NG SANTA CLARA

*** Dapat Nakatira ang Mga Katiwala ng Paaralan sa Lugar ng Katiwala at Ibinoto ng Mga Botante sa Lugar ng Katiwala**
 # Kabahaging distrito kasama ng isa pang County

Mga Distrito ng Paaralang Elementarya
Distrito ng Unyon ng Paaralan ng Alum Rock (Dalawang Buong Termino na Puwesto: Sa Kabuuan)
Distrito ng Unyon ng Paaralan ng Berryessa (Dalawang Buong Termino na Puwesto: Sa Kabuuan)
Distrito ng Paaralan ng Cambrian (Dalawang Buong Termino na Puwesto: Sa Kabuuan)
Distrito ng Unyon ng Paaralan ng Campbell (Dalawang Buong Termino na Puwesto:
Lugar ng Katiwala 2 at 3)*
Distrito ng Unyon ng Paaralan ng Cupertino (Dalawang Buong Termino na Puwesto: Sa Kabuuan)
Distrito ng Paaralan ng Evergreen (Dalawang Buong Termino na Puwesto: Sa Kabuuan)
Distrito ng Paaralan ng Franklin-McKinley (Dalawang Buong Termino na Puwesto: Sa Kabuuan)
Pinagsamang Distrito ng Paaralan ng Lakeside (Dalawang Buong Termino na Puwesto: Sa Kabuuan)#
Pinagsamang Distrito ng Unyon ng Paaralan ng Loma Prieta (Dalawang Buong Termino na Puwesto: Sa Kabuuan)#
Distrito ng Paaralan ng Los Altos (Dalawang Buong Termino na Puwesto: Sa Kabuuan)
Distrito ng Unyon ng Paaralan ng Los Gatos (Dalawang Buong Termino na Puwesto: Sa Kabuuan)
Distrito ng Paaralan ng Luther Burbank (Tatlong Buong Termino na Puwesto: Sa Kabuuan)
Distrito ng Paaralan ng Moreland (Dalawang Buong Termino na Puwesto: Lugar ng Katiwala 1 at 5)*
Distrito ng Paaralan ng Mountain View Whisman (Tatlong Buong Termino na Puwesto: Sa Kabuuan)
Distrito ng Paaralan ng Mount Pleasant (Dalawang Buong Termino na Puwesto: Sa Kabuuan)
Pinagsamang Distrito ng Unyon ng Paaralan ng North County (Tatlong Buong Termino na Puwesto)#
Distrito ng Paaralan ng Oak Grove (Dalawang Buong Termino na Puwesto: Lugar ng Katiwala 1 at 4)*
Distrito ng Paaralan ng Orchard (Dalawang Buong Termino na Puwesto: Sa Kabuuan)
Distrito ng Unyon ng Paaralan ng Saratoga (Dalawang Buong Termino na Puwesto: Sa Kabuuan)
Distrito ng Paaralan ng Sunnyvale (Dalawang Buong Termino na Puwesto: Lugar ng Katiwala 2 at 4)*
Distrito ng Paaralan ng Union (Dalawang Buong Termino na Puwesto: Sa Kabuuan)

Mga Distrito ng Mataas na Paaralan

Distrito ng Unyon ng Mataas na Paaralan ng Campbell (Dalawang Buong Termino na Puwesto: Lugar ng Katiwala 4 at 5)*

Distrito ng Unyon ng Mataas na Paaralan ng East Side (Dalawang Buong Termino na Puwesto: Sa Kabuuan)

Distrito ng Unyon ng Mataas na Paaralan ng Fremont (Dalawang Buong Termino na Puwesto: Lugar ng Katiwala 2 at 5)*

Distrito ng Unyon ng Mataas na Paaralan ng Los Gatos-Saratoga (Dalawang Buong Termino na Puwesto: Sa Kabuuan)#

Distrito ng Unyon ng Mataas na Paaralan ng Mountain View-Los Altos (Dalawang Buong Termino na Puwesto: Sa Kabuuan)

Distrito ng Mataas na Paaralan ng San Benito (Isang Buong Termino na Puwesto: Lugar ng Katiwala 1)*#

Mga Pinag-Isang Distrito ng Paaralan

Pinag-Isang Distrito ng Paaralan ng Gilroy (Tatlong Buong Termino na Puwesto: Lugar ng Katiwala 2, 5 at 6)*

Pinag-Isang Distrito ng Paaralan ng Milpitas (Dalawang Buong Termino na Puwesto: Sa Kabuuan)

Pinag-Isang Distrito ng Paaralan ng Morgan Hill (Tatlong Buong Termino na Puwesto: Lugar ng Katiwala 5, 6 at 7)*

Pinag-Isang Distrito ng Paaralan ng Palo Alto (Tatlong Buong Termino na Puwesto: Sa Kabuuan)

Pinag-Isang Distrito ng Paaralan ng San José (Tatlong Buong Termino na Puwesto: Lugar ng Katiwala 1, 3 at 5)*

Pinag-Isang Distrito ng Paaralan ng Santa Clara (Tatlong Buong Termino na Puwesto: Lugar ng Katiwala 2, 5 at 7)*

Mga Distrito ng Kolehiyo ng Komunidad

Distrito ng Kolehiyo ng Komunidad ng Foothill-De Anza (Tatlong Buong Termino na Puwesto: Lugar ng Katiwala 1, 3 at 5)*

Pinagsamang Distrito ng Kolehiyo ng Komunidad ng Gavilan (Tatlong Buong Termino na Puwesto: Lugar ng Katiwala 2, 4 at 6)*

Distrito ng Kolehiyo ng Komunidad ng San José-Evergreen (Apat na Buong Termino na Puwesto: Lugar ng Katiwala 1, 3, 5 at 7)*

Distrito ng Kolehiyo ng Komunidad ng West Valley-Mission (Apat na Buong Termino na Puwesto: Lugar ng Katiwala 1, 2, 4, at 6; Isang Maikling Termino na Puwesto: Lugar ng Katiwala 5)*#

Mga Lupon ng Edukasyon

Lupon ng Edukasyon ng County ng San Benito (Isang Buong Termino na Puwesto: Lugar ng Katiwala 1)*#

Lupon ng Edukasyon ng County ng Santa Clara (Apat na Buong Termino na Puwesto: Lugar ng Katiwala 1, 3, 4 at 5)*

<u>Mga Pangkalahatang Kuwalipikasyon ng Miyembro ng Namamahalang Lupon ng Distrito ng Paaralan:</u>

Sinumang tao, anuman ang kasarian, na 18 taong gulang o mas matanda, isang mamamayan ng estado, isang residente ng distrito ng paaralan, isang rehistradong botante, at hindi diniskuwalipika ng Konstitusyon o mga batas ng estado sa pagkakaroon ng katungkulan, kuwalipikadong mahalal o maitalaga bilang miyembro ng namamahalang lupon ng isang distrito ng paaralan nang walang karagdagang kuwalipikasyon. Ang empleyado ng isang distrito ng paaralan ay hindi maaaring pasumpain sa isang katungkulan bilang inihalal o itinalagang miyembro ng namamahalang lupon ng distrito ng paaralang iyon maliban kung o hanggang sa umalis siya bilang empleyado. Kung hindi aalis sa trabaho ang empleyado, awtomatikong matatapos ang pagtatrabaho pagkatapos manumpa sa katungkulan. Kodigo ng Edukasyon § 35107

Mga Pangkalahatang Kuwalipikasyon ng Miyembro ng Lupon ng Edukasyon ng County: Ang sinumang rehistradong botante ay kuwalipikadong maging miyembro ng lupon ng edukasyon ng county maliban sa superintendente ng mga paaralan ng county, sinumang miyembro ng kanyang mga tauhan, o sinumang empleyado ng isang distrito ng paaralan. Ang bawat miyembro ng lupon ang dapat maging manghahalal ng lugar ng katiwala na kinakatawan niya at dapat siyang ihalal ng mga manghahalal ng lugar ng katiwala.
Kodigo ng Edukasyon §§ 1000, 1006(a)

MGA KATUNGKULAN SA ESPESYAL NA DISTRITO NG COUNTY NG SANTA CLARA

**** Dapat Nakatira ang Mga Direktor ng Espesyal na Distrito sa Distrito/Purok at Ibinoto ng Mga Botante sa Distrito/Purok**
 # Kabahaging distrito kasama ng isa pang County

Distrito ng Tubig ng County ng Aldercroft Heights (Tatlong Buong Termino na Puwesto: Sa Kabuuan; Isang Maikling Termino na Puwesto: Sa Kabuuan)
Distrito ng Kalinisan ng Burbank (Dalawang Buong Termino na Puwesto: Sa Kabuuan)
Distrito ng Kalinisan ng Cupertino (Tatlong Buong Termino na Puwesto: Sa Kabuuan)
Distrito ng Pangangalagang Pangkalusugan ng El Camino (Tatlong Buong Termino na Puwesto: Sa Kabuuan)
Distrito ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Lion's Gate (Tatlong Buong Termino na Puwesto: Sa Kabuuan; Dalawang Maikling Termino na Puwesto: Sa Kabuuan)
Panrehiyong Distrito ng Bukas na Espasyo ng Midpeninsula (Dalawang Buong Termino na Puwesto: Purok 3 at 4)**
Distrito ng Tubig ng Purissima Hills (Tatlong Buong Termino na Puwesto: Sa Kabuuan)
Distrito ng Libangan at Parke ng Rancho Rinconada (Tatlong Buong Termino na Puwesto: Sa Kabuuan)
Distrito ng Tubig ng County ng San Martin (Tatlong Buong Termino na Puwesto: Sa Kabuuan; Isang Maikling Termino na Puwesto: Sa Kabuuan)
Awtoridad sa Bukas na Espasyo ng Santa Clara Valley (Tatlong Buong Termino na Puwesto: Distrito 1, 3, at 4)**
Distrito ng Tubig ng Santa Clara Valley (Tatlong Buong Termino na Puwesto: Distrito 2, 3, at 5)**
Distrito ng Proteksiyon ng Sunog ng Saratoga (Dalawang Buong Termino na Puwesto: Sa Kabuuan)
Distrito ng Pagpapahupa ng Panganib na Heolohikal ng Silver Creek Valley Country Club (Dalawang Buong Termino na Puwesto: Sa Kabuuan; Tatlong Maikling Termino na Puwesto: Sa Kabuuan)
Distrito ng South Santa Clara Valley Memorial (Tatlong Buong Termino na Puwesto: Sa Kabuuan)
Distrito ng Kalinisan ng West Bay (Tatlong Buong Termino na Puwesto: Sa Kabuuan)#

Mga Pangkalahatang Kuwalipikasyon ng Direktor/Komisyonado ng Espesyal na Distrito: Ang mga kandidato ay dapat residente at kuwalipikadong manghahalal ng distrito. Maliban kung iba ang nakasaad sa ibaba, ang mga kinakailangang pirma para sa kandidatura ay napapailalim sa Seksyon 8062(3) ng Kodigo sa Mga Halalan; dapat ring kunin at ihain ng mga kandidato ang lahat ng kinakailangang form ng nominasyon sa Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante na matatagpuan sa 1555 Berger Drive, Building #2, San José, CA 95112. Nakalista rin sa ibaba ang mga partikular na kinakailangan sa pagiging kuwalipikado para sa ilang partikular na espesyal na distrito, ayon sa alpabetong pagkakasunod-sunod ng espesyal na distrito, kasama na ang lokasyon kung saan ihahain ang mga dokumento ng nominasyon.

Mga Karagdagang Kuwalipikasyon ng Direktor ng Espesyal na Distrito:

Distrito ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Lion's Gate
Ang kandidato para sa Distrito ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Lion's Gate ay dapat ring isang may-ari ng ari-arian sa distrito. Dapat kang maghain ng form na nagpapahayag na isa kang may-ari ng ari-arian sa distrito. Maaari kang kumuha ng halimbawang form sa Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante.

Panrehiyong Distrito ng Bukas na Espasyo ng Midpeninsula
Dapat kunin at ihain ng mga kandidato ang lahat ng kinakailangang form ng nominasyon sa ditrito na matatagpuan sa 5050 El Camino Real, Los Altos, CA 94022. Dapat matugunan ng mga kandidato ang mga kinakailangan sa pagiging kuwalipikado. Inaatasan ding maghain ang mga kandidato ng Petisyon ng Nominasyon na may hindi bababa sa 50 balidong pirma ng mga rehistradong botante na nakatira sa loob ng Purok kung saan iboboto ang kandidato.

Distrito ng Tubig ng County ng San Martin
Ang kandidato para sa Distrito ng Tubig ng County ng San Martin ay dapat residente ng distrito o may-ari ng ari-arian sa distrito. Kung maghahain ka bilang may-ari ng lupa, dapat kang maghain ng form na nagpapahayag na isa kang may-ari ng ari-arian sa distrito. Maaari kang kumuha ng halimbawang form sa Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante.

Distrito ng Tubig ng Santa Clara Valley
Ang mga kandidato ay dapat residente ng distrito at sub-district, isang rehistradong botante, at kung hindi naman ay kuwalipikadong bumoto para sa katungkulan. Inaatasang maghain ang mga kandidato ng Petisyon ng Nominasyon na may hindi bababa sa 20 balidong pirma ng mga rehistradong botante na nakatira sa loob ng sub-district kung saan iboboto ang kandidato.

Distrito ng Pagpapahupa ng Panganib na Heolohikal ng Silver Creek Valley Country Club (GHAD)
Ang kandidato para sa Distrito ng Pagpapahupa ng Panganib na Heolohikal ng Silver Creek Valley Country Club ay dapat isa ring may-ari ng lupa o ahente ng may-ari ng lupa upang maging kuwalipikado para sa katungkulan. Ang ahente ng may-ari ng lupa ay dapat magbigay sa ROV ng may nakasulat na pahintulot mula sa may-ari ng lupa kung saan itinatalaga ang ahente. Maaari kang kumuha ng halimbawang form sa para sa sinuman sa may-ari ng lupa o ahente ng may-ari ng lupa sa Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante.

Ipinapahayag sa Mga Bylaw ng Distrito ng Pagpapahupa ng Panganib na Heolohikal ng Silver Creek Valley Country Club, Seksyon 5, na: “Ang bawat direktor, o ang entidad kung para kanino siya kumakatawan, ay dapat nagmamay-ari ng lupa sa loob ng GHAD at dapat taglayin ang iba pang kuwalipikasyong ipinataw o kinakailangan sa ilalim ng Batas sa GHAD, Batas sa Halalan, at iba pang naaangkop na batas. Gayunpaman, ang mga direktor ay hindi kinakailangang maging mga residente ng distrito.”

Distrito ng South Santa Clara Valley Memorial
Dapat ay isa ring beterano ang isang kandidato para sa Distrito ng South Santa Clara Valley Memorial. Maaaring matugunan ang katibayan ng katayuang beterano sa pamamagitan ng paghahain ng kopya ng Discharged Certificate Form DD214.

IPINAGBIBIGAY-ALAM NA KARAGDAGAN NITO na ang Deklarasyon ng Kandidatura para sa mga kuwalipikadong kandidato na gustong maghain para sa inihahalal na katungkulan sa Panrehiyong Distrito ng Bukas na Espasyo ng Midpeninsula ay maaaring kunin sa Panrehiyong Distrito ng Bukas na Espasyo ng Midpeninsula, 5050 El Camino Real, Los Altos, CA, 94022-1530. Makukuha ang Deklarasyon ng Kandidatura sa Hulyo 15, 2024 at dapat itong ihain sa Panrehiyong Distrito ng Bukas na Espasyo ng Midpeninsula sa direksiyon na nabanggit sa itaas nang hindi lalampas ng 5:00 p.m. sa Agosto 9, 2024.

IPINAGBIBIGAY-ALAM NA KARAGDAGAN NITO na ang Deklarasyon ng Kandidatura para sa mga kuwalipikadong kandidatong gustong maghain para sa inihahalal na katungkulan ay maaaring kunin sa Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara, 1555 Berger Drive, Building #2, Candidate Services Division, San José, California, 95112. Makukuha ang Deklarasyon ng Kandidatura sa Hulyo 15, 2024 at dapat itong ihain sa Tagapagrehistro ng mga Botante sa direksiyon na nabanggit sa itaas nang hindi lalampas ng 5:00 p.m. sa Agosto 9, 2024.

IPINAGBIBIGAY-ALAM NA KARAGDAGAN NITO na ang pagtatalaga sa bawat inihahalal na katungkulan ay gagawin sa sitwasyong walang magiging nominado o hindi sapat ang bilang ng mga nominado para sa bawat katungkulan at may petisyon para sa Halalan, na pinirmahan ng sampung porsyento (10%) ng mga botante o 50 botante, alinman ang mas maliit na bilang sa Distrito, ay hindi naihain nang hindi lalampas ng 5:00 p.m. sa Agosto 14, 2024.

IPINAGBIBIGAY-ALAM NA KARAGDAGAN NITO na ang lahat ng aktibong rehistradong botante ay awtomatikong papadalhan sa koreo ng pakete ng balota sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo simula sa Oktubre 7, 2024; magbubukas ang mga Sentro ng Pagboto para sa nasabing halalan simula sa Oktubre 26, 2024 hanggang Nobyembre 5, 2024, para sa iba't ibang oras ng operasyon. Mangyaring tingnan ang aming Listahan ng mga oras ng operasyon ng mga Sentro ng Pagboto na naka paskil sa aming website sa https://www.sccvote.org/. Magbubukas ang mga Sentro ng Pagboto sa Araw ng Halalan, Nobyembre 5, 2024, mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. Ang lahat ng balotang naitala sa nasabing Halalan ay sentral na bibilangin sa Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara, 1555 Berger Drive, Building #2, San José, California, 95112.

IPINAGBIBIGAY-ALAM NA KARAGDAGAN NITO na alinsunod sa seksyon 15101(b) ng Kodigo sa mga Halalan, ayon sa susog ng AB 860, ang mga balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo ay maaaring buksan at iproseso para sa pagbibilang simula sa Oktubre 7, 2024, sa Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara, 1555 Berger Drive, Building #2, San José, California, 95112.

Pinetsahan: July 11, 2024

Matt Moreles, Pansamantalang Tagapagrehistro ng mga Botante